

Oktubre 16, 2020
2020-59

Kautusang Tagapagpaganap

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2020-59
(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 55)

SAPAGKAT, mula noong unang bahagi ng Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 335,000 at lumalaki, at kinukuha ang buhay ng libu-libong mga residente; at,

SAPAGKAT, habang ang Illinois ay umaangkop at tumutugon sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang matinding sakit sa respirasyon na kumakalat nang mabilis sa pamamagitan ng mga transmisyong sa respirasyon at nagpapatuloy na walang mabisang paggamot o bakuna, ang pasanin sa mga residente, tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan, mga unang tumutugon, at mga gobyerno sa buong Estado ay wala pang nakakagawa; at,

SAPAGKAT, sa lahat ng oras ngunit lalo na sa isang krisis sa pampublikong kalusugan, ang pangangalaga sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

SAPAGKAT, ang pananaliksik at gabay sa kalusugan ng publiko ngayon ay nagpapahiwatig na kailangan at epektibo ang pagsusuot ng mga telang takip ng mukha sa mga pampublikong mga lugar kung saan ang mga hakbang sa pagpapanatili ng distansya sa kapwa ay mahirap mapanatili, at nagpapahiwatig na ang panganib ng transmisyong sa labas ay mas mababa sa panganib ng transmisyong sa loob; at,

SAPAGKAT, ipinapayo ng patnubay sa pampublikong kalusugan na ang pagbawas sa pisikal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao na hindi naninirahan sa iisang sambayanan ay kritikal upang mabagal ang pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois sa paglipas ng mga Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, ang mga pangyayari na nagdulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ang pagbuo ng mga tiyak na hula sa landas ng birus sa mga darating na buwan ay sadyang napakahirap; at,

SAPAGKAT, ang access sa pabahay ay nakakatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sapagkat ang mga indibidwal na may pabahay ay maaaring mabawasan ang pisikal na pakikipag-ugnay sa mga nasa labas ng kanilang mga sambayanan; at,

SAPAGKAT, ang pansamantalang paghinto ng mga paglilitis sa pagpapalayas ay iniwasan ang maraming mga pakikipag-ugnayan na nauugnay sa pagpapaalis, kasama ang mga opisyal ng tagapagpatupad ng batas, tauhan ng korte, mga kasero, mga tagalipat, at mga kaibigan at pamilya na sumasang-ayon na magbigay ng pansamantalang pabahay, pati na rin, para sa mga pinilit na mawalan ng tirahan, ang mga pakikipag-ugnayang nauugnay sa pagtira sa isang kanlungan; at,

SAPAGKAT, pinipigilan ang pagkalat sa pamamagitan ng pansamantalang pagpapahinto ng mga paglilitis sa pagpapatalsik kung gayon pinipigilan din ang pagkalat ng COVID-19 sa mas malawak na pamayanan; at,

SAPAGKAT, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng 9,150 na mga taga-Illinois at pagpinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

SAPAGKAT, noong Oktubre 16, 2020, bilang pagsasaalang-alang sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama sa darating na buwan ng mga tao sa buong Estado, idineklara ko na ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

SAPAGKAT, bilang tugon sa emerhensiya ng epidemya at emerhensiya ng kalusugang pampubliko na inilarawan sa itaas, nakita kong kinakailangan na muling ilabas ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-03, 2020-04, 2020-07, 2020-08, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-15, 2020-16, 2020-17, 2020-20, 2020-21, 2020-22, 2020-23, 2020-24, 2020-25, 2020-26, 2020-27, 2020-28, 2020-29, 2020-30, 2020-34, 2020-35, 2020-36, 2020-41, 2020-42, 2020-43, 2020-45, 2020-47, 2020-50, 2020-53, 2020-56, at 2020-57 at dito isinasama ang mga takdang SAPAGKAT ng mga Kautusang Tagapagpaganap na iyon;

SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at kahanay ng mga kapangyarihan sa mga batas sa kalusugang pampubliko, inuutos ko ang mga sumusunod, simula Oktubre 16, 2020:

Bahagi 1: Muling Paglabas ng mga Kautusang Tagapagpaganap.

Mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-03, 2020-04, 2020-07, 2020-08, 2020-09, 2020-11, 2020-12, 2020-15, 2020-16, 2020-17, 2020-20, 2020-21, 2020-22, 2020-23, 2020-24, 2020-25, 2020-26, 2020-27, 2020-28, 2020-29, 2020-30, 2020-34, 2020-35, 2020-36, 2020-41, 2020-42, 2020-43, 2020-45, 2020-47, 2020-50, 2020-53, 2020-56, at 2020-57 ay muling inilabas ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-59 bilang mga sumusunod:

Kautusang Tagapagpaganap 2020-04 (Pagsara ng James R. Thompson Center; panalikod ng mga kinakailangan sa pagliban dahil sa sakit para sa mga emplevado ng Estado):

Ang mga seksyon 2, at 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-04 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**. Wala sa Seksyon 2 ang pumipigil sa Department of Central Management Services mula sa pagdidisenyo ng mga tukoy na punto ng pagpasok at labasan at pagkontrol sa daloy ng trapiko sa James R. Thompson Center para sa mga emplevado ng Estado, mga miyembro ng publiko na dumadalo sa negosyo ng Estado, at mga miyembro ng publiko na tumatangkilik sa mga negosyo at kainan.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-07 (Mga kinakailangan sa pagkikita nang personal):

Ang seksyon 6 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-07, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-33 at Kautusang Tagapagpaganap 2020-44, ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-08 (mga operasyon ng Kalihim ng Estado):

Ang mga seksyon 3, 4, at 5 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-08, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-39 at Kautusang Tagapagpaganap 2020-44, ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-09 (Telehealth):

Kautusang Tagapagpaganap 2020-09, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-52, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-11 (Panahon ng Abiso ng Kagawaran ng Pagwawasto ng Illinois):

Ang seksyon 4 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-11 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 (Mga background check para sa manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan; panahon ng abiso ng Kagawaran ng Hustisya para sa Kabataan ng Illinois):

Ang mga seksyon 1 at 3 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-12 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-15 (Pagsuspinde sa mga probisyon ng Illinois School Code):

Ang mga seksyon 5, 6, 7, 8, at 9 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-15 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-16 (Pagsuspinde sa kinakailangan sa pagsasanay sa silid-aralan para sa mga serbisyo sa seguridad):

Ang seksyon 2 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-16 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-03 at 2020-17 (Mga deadline at aplikasyon ng Cannabis):

Ang mga Kautusang Tagapagpaganap 2020-03 at 2020-17, tulad ng binago ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-18, ay muling inilabas at dapat manatili sa bisa tulad ng tinukoy ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-18.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 (Mga kinakailangan sa tulong publiko):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-20 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-21 (Pagpapalaya ng Illinois Department of Corrections sa mga bilanggo):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-21 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-22 (Mga pagkakalagay sa ilalim ng Child Care Act ng 1969; mga pagsusumite ng tatak ng daliri sa ilalim ng Health Care Worker Background Act):

Ang mga Seksyon 4, 5 at ang Sugnay ng Pagtatapos ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-22 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 (Ang mga aksyon ng Department of Financial and Professional Regulation ng Illinois para sa mga lisensyadong propesyonal na nakikibahagi sa pagtugon sa kalamidad):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-23 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang Nobyembre 14, 2020.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-24 (Forensic Treatment Program ng Department of Human Services Forensic ng Illinois; mga imbestigasyon sa mga empleyado ng Department of Human Services):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-24 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang Nobyembre 14, 2020.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-25 (Garnishment at mga pagbabawas ng sahod):

Kautusang Tagapagpaganap 2020-25, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-55, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang Nobyembre 14, 2020.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-26 (Kapasidad ng ospital):

Ang mga seksyon 2(e), 6, 7, 8, 9, at 10 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-26 ay muling inilabas at pinalawak hanggang Nobyembre 14, 2020.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-27 (Mga bangkay na nagpositibo sa COVID-19):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-27 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang Nobyembre 14, 2020.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-28 (Mga sertipikasyon ng industrial radiography):

Kautusang Tagapagpaganap 2020-28, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-55, ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang Nobyembre 14, 2020.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-29 (Personal na pag-aaral o pagsusuri para sa mga lisensya ng propesyunal na seguro):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-29 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang Nobyembre 14, 2020.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-30 (Mga pag-file ng aksyon ng pagpapalayas sa mga residensiyal; pagpapatupad ng mga utos sa pagpapalaya sa mga residensiyal; mga walang bisa na dokumento ng consular identification; elektronikong pag-file para sa Komisyon ng Karapatang Pantao ng Illinois):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-30, na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-48 at Kautusang Tagapagpaganap 2020-52, ay muling inilabas at pinalawak hanggang Nobyembre 14, 2020.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-34 (Mga kinakailangan para sa Cannabis):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-34 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang Nobyembre 14, 2020.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-35 (mga aktibidad sa regulasyon ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng Illinois):

Ang mga seksyon 14, 15, 16, at 17 ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-35 ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-36 (Lisensya ng pagpapakasal):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-36 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-41 (Pagtaya sa mga palaro):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-41 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-42 (Mga State Fair):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-42 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-43 (Ikaapat na Yugto ng Kautusan sa Rehabilitasyon ng Komunidad):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-43 na sinusugan ng Kautusang Tagapagpaganap 2020-55 at higit pang sinusugan at binago sa ibaba, ay muling inilabas at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

- b. **Mga kakailanganin para sa mga tindahan ng tingian.** Dapat tiyakin ng mga tindahan ng tingian na ang lahat ng mga empleyado ay nagsasagawa ng pagpapanatili ng pagitan sa kapwa-tao at dapat magsagawa ng nararapat na karagdang pag-iingat sa pampublikong kalusugan, alinsunod sa patnubay ng DCEO, na kasama ang:
- pagbibigay ng mga takip sa mukha sa lahat ng mga empleyado na hindi kayang panatilihin ang minimong anim na talampakang distansya mula sa mga parokyano at iba pang mga empleyado sa lahat ng oras;
 - ang pagtatrabaho sa 50 porsyento ng kapasidad ng tindahan, o bilang kahalili, sa limitasyon ng pagtatrabaho batay sa square footage ng tindahan na itinakda ng Kagawaran ng Komersyo at Oportunidad sa Pangkabuhayan;
 - makipag-usap sa mga parokyano sa pamamagitan ng mga palatandaan sa loob ng tindahan, at mga anunsiyo ng serbisyo sa publiko at mga patalastas tungkol sa mga kailanganin sa pagpapanatili ng pagitan sa kapwa-tao at mga takip sa mukha na nakasaad sa Kautusang ito; at
 - ~~itigil ang paggamit ng magagamit muling mga supot.~~

Kautusang Tagapagpaganap 2020-45 (Mga lisensya ng Cannabis):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-45 ay sinusugan sa kabuuan nito at dapat manatiling epektibo tulad ng tinukoy sa Kautusang Tagapagpaganap 2020-45.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-47 (Personal na pagtuturo sa mga paaralan ng preK-12):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-47 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-50 (Pagpapatuloy sa mga paglilipat mula sa mga kulungan sa probinsiya papunta sa Kagawaran ng Pagwawasto ng Illinois):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-50 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-53 (Mga pagpapagaan sa Rehiyon 7):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-53 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-56 (Mga pagpapagaan sa Rehiyon 1):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-56 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Kautusang Tagapagpaganap 2020-57 (Mga identification card ng Cannabis):

Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-57 ay muling inilabas sa kabuuan nito at pinalawak hanggang **Nobyembre 14, 2020**.

Bahagi 2: Sugnay ng Pagtatapos. Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay walang bisa ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang maaaring matapos.

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador Oktubre 16, 2020

Isinalin ng Kalihim ng Estado Oktubre 16, 2020